**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 2, 31-43




# Kontekstuwalisadong learning activity sheet ng morpema at kasanayan sa talasalitaan

Lopez, Rhea ✉
*Laguna State Polytechnic University, San Pablo Campus, Philippines (rhea.lopez001@deped.gov.ph)*

**Received**: 31 March 2024 **Revised**: 28 April 2024 **Accepted**: 5 May 2024
**Available Online**: 5 May 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24803

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

---

***Abstract***

Ang pagpapayaman ng talasalitaan ang isa sa mga kasanayang dapat matutukan sa pagtalakay ng mga tekstong aralin. Kasama rito ang kagamitan na gagamitin ng mga mag-aaral na dapat ay masusing naihanda upang magkaroon ng lubos na pagka-unawa sa aralin. Layon ng pag-aaral na ito na mapataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa talasalitaan. Ginamit ang disenyong Descriptive-Experimental upang makita ang ugnayan ng mga baryabol. Ang mga mag-aaral mula sa Ikapitong Baitang ng Mataas na Paaralan ng Lungsod ng San Pablo na may kabuuang limampu (50) ang naging tagasagot sa pananaliksik na ito. Lumalabas na ang Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema ay lubos na tinatanggap ng mga tagasagot. Bukod pa rito ay naipakita na may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kasanayan sa talasalitaan ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, inirerekomenda ng kasalukuyang mananaliksik na gamitin at linangin pa ang mga gawain sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet na ito upang makatulong na mahasa ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa talasalitaan.

***Keywords:*** kasanayan, kontekstwalisado, learning activity sheet, morpema, talasalitaan

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Kontekstuwalisadong learning activity sheet ng morpema at kasanayan sa talasalitaan

## 1. Panimula


Sa larangan ng pagpapahayag pasulat man ito o pasalita ay lubhang napakahalaga ang mga leksyon o aralin na may kinalaman sa tamang pagpili ng mga salita. Maganda ang magiging bunga kung makapipili ka ng tamang salita sa pakikipagtalastasan ngunit hindi mabuti ang maidudulot kung hindi wasto ang pagpili. Ang pagpapayaman ng talasalitaan ay isang napakahalagang kasanayang dapat linangin lalo na ng isang mag-aaral. Ang malawak at mayamang talasalitaan ay nagsisilbing sandata para sa mabisa at mahusay na pagpapahayag ng kaisipan sa anumang paraan. Ito ang natatanging hakbang para sa epektibo at mabisang pakikipagtalastasan, puhunang salalayan o instrumento ng mga mag-aaral sa kanilang pang-araw-araw na pakikisalamuha sa lipunang kanilang ginagalawan o kinabibilangan.

Upang ang komunikasyon ay maging mabisa, kailangan natin ang malawak na kaalaman sa mga salita. Binanggit nina Loftus at Coyne (2013) na ang pagbuo ng mayamang talasalitaan ay isang hakbang sa pagkuha at pagtanggap ng mga salita na gagamitin sa pangaraw-araw na pakikipag-usap, pag-unawa at pagsasalita partikular sa batayan ng pag-aaral ng anumang wika. Ang pagpapayaman ng talasalitaan ay nakatutok sa pagtulong sa mga mag-aaral na matutunan ang kahulugan ng mga salita at konsepto sa iba't ibang konteksto at sa lahat ng akademikong pangnilalaman.

Napansin ng kasalukuyang mananaliksik na nakararanas ng hirap ang kanyang mag-aaral pagdating sa pag-unawa ng mga salita lalo na kapag ito ay may kalaliman. May mga pagkakataon din na mismong panuto ang hindi nila nauunawaan na nagreresulta sa kanilang mababang grado. Dahil dito, nilalayon ng kasalukuyang mananaliksik na masolusyunan ang suliraning nabanggit, nais ng mananaliksik na makabuo ng isang Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpemang na naglalaman ng mga pagsasanay at gawain na makapagpapayaman sa kanilang kasanayan sa talasalitaan.

***Balangkas Teoretikal*** **-** Nakasandig ang pag-aaral na ito sa Schema Theory ni Bartlett (1932). Isinasaad sa teoryan ito na malaki ang kaugnayan ng dati nang kalaman ng mga mag-aaral sa salita at sa kahulugan nito. Ipinaliliwanag sa teoryang ito na habang lumalago ang kaalaman ng mga mag-aaral sa salita ay mabilis nang mauunawaan ng mga mag-aaral ang mga bagong salita na makikita o mababasa niya. Nakabatay rin sa Teoryang Matthew Effect in Reading ni Stanovich (1986) ang pag-aaral na ito. Ipinaliliwanag sa pag-aaral na ang mga mag-aaral na hindi nakakabasa nang maayos ay hindi lubos na nauunawaan ang kanyang binabasa dahil ito sa kakulangan ng kaalaman sa talasalitaan.

***Paradima ng Pag-aaral***




*Pigura 1. Ang Malaya at Di-Malayang Baryabol ng Pag-aaral.*

***Paglalahad ng Suliranin*** **-** Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa Kontekstwalisadong Learning Activity

Sheet ng Morpema at Kasanayan sa Talasalitaan. Layunin ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

- Ano ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet batay sa Panlapi, Salitang-ugat, at Ponema?
- Ano ang antas ng kasanayan sa talasalitaan ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema batay sa Idyomatikong Pahayag, Denotasyon, at Konotasyon?
- May makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng kasanayan sa talasalitaan ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet?

***Hinuha -*** Walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kasanayan sa talasalitaan ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema.

## 2. Metodolohiya

***Disenyo ng Pag-aaral -*** Ang pamamaraang deskriptib-eksperimental ang ginamit sa pananaliksik upang mabatid ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema at Kasanayan sa Talasalitaan ng mga mag-aaral batay sa kanilang makukuhang iskor sa pauna at panapos na pagsusulit bago at pagkatapos gamitin ang Activity Sheet. Ito rin ay kinabibilangan ng mga elemento ng interpretasyon, kahulugan, kahalagahan ng bagay na binuo at binigyang ebalwasyon. Inalam sa pag-aaral na ito ang antas ng kasanayan sa pagpayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral na magiging batayan sa pagbuo ng Activity Sheet. Matapos nito ay inalam kung ano ang naging antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong Activity sheet at naging antas ng kasanayan pagkatapos gamitin ito. Naniniwala ang mananaliksik na ang disenyong ito ang pinaka-angkop gamitin sapagkat mas madaling kumuha ng mga kinakailangang datos mula sa mga napiling tagasagot.

***Mga Tagasagot -*** Ang mga tagasagot sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral na nasa Ika-pitong Baitang ng San Pablo City Integrated High School Taong Panuruan 2022-2023 na may kabuuang bilang na limampu (50). Pinili ang mga tagasagot sa isinagawang random sampling. Ang random sampling ay isang malawakang ginagamit na paraan ng sampling sa siyentipikong pananaliksik. Ang random sampling ay pinili para sa mga populasyon na lubos na homogenous kung saan ang mga miyembro ng pananaliksik ay random na pinili upang lumahok sa pananaliksik. Ito ay ang "pinakasimple at pinakakaraniwang paraan ng pagpili ng sample, kung saan ang sample ay pinipili ng unit ayon sa unit, na may pantay na posibilidad ng pagpili para sa bawat unit " ayon kay Bhardwaj (2019).

Ito ang ginamit na paraan ng mananaliksik upang magkaroon ng pantay na bilang at distribusyon ng tagasagot sa bawat pangkat na kanyang tinuturuan at upang bawat pangkat na kanyang tinuturuan ay magkaroon ng pagkakataon na maging tagasagot ng pananaliksik. Malaking tulong din ito upang mapadali ang pag-aanalisa ng mananaliksik sa antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong Activity Sheet.

***Instrumento ng Pananaliksik -*** Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng instrumentong talatanungan o survey questionnaire sa pagtitipon ng mga impormasyon. Ang instrumento ay kinapapalooban ng antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema batay sa Panlapi, Salitang ugat, Ponema, Idyomatikong pahayag, Denotasyon at Konotasyon. Bawat isa ay naglalaman ng tig-limang pahayag. Sa kabuuan ang talatanungan ay kinapapalooban ng tatlumpong (30) pahayag hinggil sa nabanggit na mga baryabol.

***Balidasyon ng Instrumento -*** Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito ay dumaan sa masusing pagsisiyasat ng mga bihasa at eksperto sa larangan ng pag-aaral. Ang mga sumuri sa talatanungan at sa ginawang Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema ay kinabibilangan ng mga sumusunod; Isang

Katuwang na Punongguro sa isang paaralan ng Senior High School sa Lungsod ng San Pablo. Ang tangi niyang mungkahi sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ay isaayos ang putol ng mga salita at ang paggamit ng tamang bantas. Isang Dalubguro II mula sa isang paaralan sa Lunsod ng Parañaque, iminungkahi niya ang pag-sasaayos ng Lesson Exemaplar. Binanggit niya na kailangang makita sa Lesson Exemplar ang daloy ng gagawing pagtalakay sa mga gawain na nakapaloob sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet. Panghuli sa sumuri ay isang eksperto sa pananaliksik at propesor sa PNU, Manila. Iminungkahi niya na paikliin ang titulo ng pananaliksik, gumamit ng tamang bantas at talakaying mabuti sa Lesson Exemplar ang daloy ng magiging pagtalakay sa mga aralin na nilalaman ng Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet.

Matapos masuri ng mga sumusunod na eksperto ang talatanungan at ang Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema, nirebisa ito ng mananaliksik at ipinakita sa gurong tagapayo at mga gurong tagapag-ugnay upang magamit sa pilot testing. Upang matiyak ang reliability at consistency ng mga talatanungan ay ginamitan ito ng Cronbach Alpha. Matapos nito, Karamihan sa mga pahayag sa talatanungan ay natanggal at ang iba ay nirebisa. Lumabas sa resulta na ang panlapi ay nakakuha ng good reliability (.763), ang salitang ugat ay nakakuha ng very good reliability (.709) at ang ponema naman ay nakakuha ng good reliability (.753). Ginamit din ang Kuder-Richardson upang makuha ang antas ng kasanayan sa talasalitaan ng mga tagasagot. Lumabas sa pilot testing na nakapagtala ang idyomatikong pahayag ng (.785) na test reliability, ang denotasyon ay nakapagtala ng (.785) na test reliability at ang konotasyon ay nakapagtala ng (.737) na test reliability. Batay sa naging resulta ay maaari nang ituloy ang pag-aaral gamit ang mga sub-baryabol sapagkat lumabas na ito ay kapakipakinabang.

***Paraan ng Pangangalap ng Datos -*** Matapos makuha ang pagsang-ayon ng gurong tagapayo at ng lupong pamatnubay sa tesis, gumawa ng liham kahilingan sa Punongguro ng San Pablo City Integrated High School at sa tagapangasiwa ng Dibisyon ng San Pablo ang mananaliksik upang maibahagi ang mga gagamiting talatanungan sa mga magiging tagasagot ng pag-aaral. Isinagawa ng mananaliksik ang pilot testing kung saan pumili ng dalawampung (20) mag-aaral na hindi kabilang sa isisasagawang pag-aaral na nasa ikapitong baitang ng San Pablo City Integrated High School. Matapos makuha ang mga datos sa pilot testing, isinumite ito sa tumatayong Statistician ng mananaliksik. Dumaan ang mga nakuhang datos sa istatistikal na pagsusuri at pag-apruba bago tuluyang isinagawa o ginamit sa pag-aaral.

Nagpasagot ng paunang pagsusulit ang mananaliksik upang masukat ang kanilang paunang kaalaman sa gagawing pag-aaral. Matapos nito, ipinagamit ng mananaliksik ang nabuong Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema sa mga magiging tagasagot sa loob ng apat na lingo. Matapos ang apat na linggong paggamit sa Activity Sheet, isinagawa ang ebalwasyon nito sa pamamagitan ng panapos na pagsusulit at tseklist na naglalaman ng antas ng pagtanggap batay sa panlapi, salitang-ugat, ponema, idyomatikong pahayag, denotasyon at konotasyon.

Matapos masagutan ang mga pagsusulit at talatanungan, ito ay nilikom at isa-isang itinala ang mga iskor at nakuhang sagot at saka nilapatan ng istatistikong pamamaraan sa tulong ng dalubhasa sa istatistika upang masagot ang tiyak na katanungan mula sa pananaliksik na ito. Sinuri ito at binigyan ng kaukulang kahulugan ng mananaliksik batay sa kinalabasan. Ang resulta ay binigyang interpretasyon ng mananaliksik sa tulong ng kanyang tagapayo.

***Paglalapat Istatistikal -*** Ang Frequency and percentage ay ginamit upang makuha ang iskor ng mga tagasagot sa pauna at panapos na pagsusulit. Ginamit naman ang Mean at Standard Deviation upang makuha ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema. Gayundin ang T-test para sa antas ng kasanayan sa talasalitaan ng mga tagasagot.

## 3. Resulta at Diskusyon

Ipinakikita sa resulta na ang mga tagasagot ay nagbigay ng pananaw na lubos na katanggap-tanggap ayon sa kabuuang mean na 3.80 at standard deviation na 0.19. Ibig sabihin ay sa tulong ng panlapi nakabuo ng

panibagong salita ang mga tagasagot na nakatulong upang lubos na maunawaan ang ipinararating na mensahe ng isang babasahin o teksto. Indikasyon din ito na mabilis natukoy ang mga salitang nilapian at sinang-ayunan nila na naging lubos ang pagkaunawa nila sa panlapi na nakapaloob sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema.

**Talahanayan 1**

*Antas ng Pagtanggap sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema batay sa Panlapi*

| Indikeytors | Mean | *SD* | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Madali akong nakabuo ng mga salita sa tulong ng panlapi. | 3.78 | 0.46 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 2. Natutukoy ko ang panlapi na ginamit sa isang salita. | 3.84 | 0.42 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 3. Mas napalawak ang pang-unawa ko sa panlapi. | 3.76 | 0.43 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 4. Mabilis kong natutukoy ang mga salitang nilapian. | 3.82 | 0.39 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 5. Natukoy ko nang buong husay ang mga panlapi na ikinabit sa unahan, gitna at hulihan ng salita. | 3.80 | 0.45 | Lubos na katanggap-tanggap |
| **Kabuuan** | 3.80 | 0.19 | Lubos na katanggap-tanggap |

**Pananda:** 3.50-4.00 (Lubos na Katangggap-tanggap) 2.50-3.49 (Katanggap-tanggap) 1.50-2.49 (Di-Katanggap - tanggap) 1.00-1.49 (Lubos na Di Katanggap-tanggap)

**Talahanayan 2**

*Antas ng Pagtanggap sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema batay sa Salitang-Ugat*

| Indikeytors | Mean | *SD* | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Nabatid ko ang kahulugan ng pahayag sa tulong ng salitang-ugat. | 3.86 | 0.35 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 2. Natukoy ko ang kahalagahan ng salitang-ugat. | 3.82 | 0.44 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 3. Mas Madali akong nakabuo ng bagong salita sa tulong ng salitang-ugat. | 3.76 | 0.48 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 4. Napalawak ang kaalaman ko sa pagtukoy sa salitang-ugat | 3.80 | 0.45 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 5. Nalaman ko na ang salitang-ugat ay hindi dinadagdagan ng panlapi | 3.78 | 0.42 | Lubos na katanggap-tanggap |
| **Kabuuan** | 3.80 | 0.15 | Lubos na katanggap-tanggap |

**Pananda:** 3.50-4.00 (Lubos na Katangggap-tanggap) 2.50-3.49 (Katanggap-tanggap) 1.50-2.49 (Di-Katanggap - tanggap) 1.00-1.49 (Lubos na Di Katanggap-tanggap)

Ipinakikita sa talahanayan ang pananaw ng mga tagasagot sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema batay sa salitang ugat. Nakakuha ito ng kabuuang mean na 3.80 at standard deviation na 0.15. Ibig sabihin ang mga tagasagot ay nagkaroon ng lubos na pagkaunawa sa salitang ugat.

Samantala, ang indikeytor 3 ang nakakuha ng mababang mean na 3.76 at standard deviation na 0.48 ngunit pasok parin naman ito sa interpretasyong lubos na katanggap-tanggap. Marahil ay nagkaroon lamang ng ilang balakid sa pagsasagot ang mga taga-sagot tulad na lamang ng kakapusan sa oras dahilan para hindi sila makabuo ng makabuluhang salita gamit ang salitang-ugat.

**Talahanayan 3**

*Antas ng Pagtanggap sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema batay sa Ponema*

| Indikeytors | Mean | *SD* | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Madali kong natukoy ang ponema na dapat gamitin. | 3.80 | 0.45 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 2. Natutunan ko na ang ponema ay yunit ng tunog na nagbubuklod ng salita. | 3.84 | 0.42 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 3. Mabilis kong nalaman ang kaibahan ng isang salita mula sa isa pang salita sa tulong ng ponema. | 3.82 | 0.39 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 4. Napagtanto ko na naiiba ang kahulugan ng salita kapag pinapalitan ang isang ponema. | 3.78 | 0.46 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 5. Natukoy ko ang kahalagahan ng ponema. | 3.76 | 0.43 | Lubos na katanggap-tanggap |
| **Kabuuan** | 3.80 | 0.16 | Lubos na katanggap-tanggap |

**Pananda:** 3.50-4.00 (Lubos na Katangggap-tanggap) 2.50-3.49 (Katanggap-tanggap) 1.50-2.49 (Di-Katanggap -tanggap) 1.00-1.49 (Lubos na Di Katanggap-tanggap)

Inilalahad sa Talahanayan 3 ang resulta ng antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet batay sa ponema. Makikita na nakakuha ito ng kabuuang mean na 3.80 at standard deviation na 0.16. Ibig sabihin lamang ay sinasang-ayunan ng mga tagasagot ang bisa ng mga gawain sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet batay sa ponema. Indikasyon ito na natukoy ng mga tagasagot ang ponema na dapat gamitin, natutunan din nila na ang ponema ay yunit ng tunog na nagbubuklod sa mga salita at higit sa lahat ay natutunan nila na napakahalaga ng ponema sapagkat nalaman nila ang kaibahan ng isang salita sa isa pang salita sa tulong nito.

**Talahanayan 4**

*Antas ng pagtanggap sa kontekstwalisadong learning activity sheet ng morpema batay sa idyomatikong pahayag*

| Indikeytors | Mean | *SD* | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Nagkaroon ako ng kasanayan sa kahulugan ng idyomatikong salita na ginamit sa pahayag. | 3.70 | 0.54 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 2. Naunawaan ko na ang idyomatikong pahayag ay di-tuwirang pagbibigay kahulugan sa salita. | 3.88 | 0.33 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 3. Natutunan ko na ang patalinghagang kahulugan ng idyomatikong salita ay iba mula sa literal na kahulugan. | 3.84 | 0.37 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 4. Nalaman ko ang idyomatikong salita ay may makahulugang mensahe. | 3.84 | 0.37 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 5. Nabatid ko ang kahalagahan ng idyomatikong salita sa talasalitaan. | 3.84 | 0.37 | Lubos na katanggap-tanggap |
| **Kabuuan** | 3.82 | 0.14 | Lubos na katanggap-tanggap |

**Pananda:** 3.50-4.00 (Lubos na Katangggap-tanggap) 2.50-3.49 (Katanggap-tanggap) 1.50-2.49 (Di-Katanggap -tanggap) 1.00-1.49 (Lubos na Di Katanggap-tanggap)

Mahihinuha sa resulta ng Talahanayan 4 na lubos ang naging pagtanggap ng mga tagasagot sa idyomatikong pahayag na nilalaman ng Activity Sheet sapagkat nakapagtala ito ng mean na 3.82 at standard deviation na 0.14. Nangangahulugan lamang ito na nagkaroon ng kasanayan ang mga tagasagot sa idyomatikong pahayag na nilalaman ng Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet. Lubos nilang tinanggap ang idyomatikong pahayag dahil nagkaroon sila ng kasanayan sa pagbibigay kahulugan sa mga idyomatikong salita o pahayag na nakapaloob sa mga teksto na laman ng aralin. At higit sa lahat nabatid nila na ang idyomatikong pahayag ay may makahulugang mensahe at napakahalaga na matutunan sapagkat lubos itong makatutulong upang maging mayaman ang kanilang talasalitaan.

**Talahanayan 5**

*Antas ng Pagtanggap sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema batay sa Denotasyon*

| Indikeytors | Mean | *SD* | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Napagyabong ang una ko nang kaalaman patungkol sa denotasyon. | 3.84 | 0.37 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 2. Nabatid ko na ang denotasyon ay literal na pagpapakahulugan sa salita. | 3.74 | 0.49 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 3. Nalaman ko ang kahalagahan ng pagbibigay ng denotasyong kahulugan sa salita. | 3.88 | 0.33 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 4. Natukoy ko ang kahulugan ng salita sa denotasyong pagpapakahulugan. | 3.82 | 0.44 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 5. Nagkaroon ako ng pagka-unawa sa kahalagahan ng denotasyon sa talasalitaan. | 3.78 | 0.42 | Lubos na katanggap-tanggap |
| **Kabuuan** | 3.81 | 0.15 | Lubos na katanggap-tanggap |

**Pananda:** 3.50-4.00 (Lubos na Katangggap-tanggap) 2.50-3.49 (Katanggap-tanggap) 1.50-2.49 (Di-Katanggap -tanggap)1.00-1.49 (Lubos na Di Katanggap-tanggap)

Ipinakikita ng resulta na lubos na katanggap-tanggap sa mga tagasagot ang Activity Sheet batay sa denotasyon na may kabuuang mean na 3.81 at standard deviation na 0.15. Ibig sabihin lamang nito ay lubos na tinanggap ng mga tagasagot ang denotasyong pagpapakahulugan sa salita. Indikasyon ito na mabilis na natukoy ng mga tagasagot ang kahulugan ng mga denotasyong salita na nakapaloob sa mga teksto sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet. Nalaman din nila na napakahalaga na nauunawaan ang salita base sa literal na kahulugan ng mga ito. Lalo at higit ay naunawaan nila ang kahalagahan ng denotasyon sa talasalitaan.

**Talahanayan 6**

*Antas ng Pagtanggap sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema batay sa Konotasyon*

| Indikeytors | Mean | *SD* | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Nalaman ko na ang konotasyon ay sariling pagpapakahulugan o malalim na pagpapakahulugan. | 3.76 | 0.52 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 2. Nabatid ko na ang kahulugan ng konotasyon ay iba sa pangkaraniwang kahulugan ng salita. | 3.90 | 0.30 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 3. Napaunlad ang aking nalalaman sa pagpapakahulugan sa salita gamit ang konotasyon. | 3.98 | 0.14 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 4. Madali kong natukoy ang konotasyong kahulugan ng salita. | 3.84 | 0.37 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 5. Nabatid ko ang kahalagahan ng konotasyon sa talasalitaan. | 3.84 | 0.37 | Lubos na katanggap-tanggap |
| **Kabuuan** | 3.86 | 0.14 | Lubos na katanggap-tanggap |

**Pananda:** 3.50-4.00 (Lubos na Katangggap-tanggap) 2.50-3.49 (Katanggap-tanggap) 1.50-2. (Di-Katanggap – tanggap) 1.00-1.49 (Lubos na Di Katanggap-tanggap)

Ipinakikita sa resulta na ang mga tagasagot ay nagbigay ng pananaw na lubos na katanggap-tanggap ayon sa kabuuang mean na 3.86 at standard deviation na 0.14. Indikasyon ito na tinanggap ng mga tagasagot ang konotasyong pagpapakahulugan sa salita na nakapaloob sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet, sapagkat madali nilang natukoy ang kahulugan ng mga ito. Likas na mahirap bigyan ng sariling pakahulugan ang mga salita na tulad ng konotasyon. Marahil ay nakatulong ang pagbibigay ng mga halimbawa upang madali nilang makuha ang kahulugan ng salita. Makikita rin na nabatid ng mga tagasagot ang kahalagahan ng konotasyong pagpapakahulugan sa salita, maganda ito sapagkat natututo sila na tingnan ang mga ganitong gawain sa mas malalim na perspektiba na tiyak na makatutulong sa kanila upang mas maunawaan ang mga aralin.

**Talahanayan 7**

*Panimula at Panapos na Kasanayan sa Panlapi*

| Iskor | Pauna | | Panapos | | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % | |
| 9-10 | - | - | 43 | 86.0 | May mataas na mataas na antas ng pag-unawa |
| 7-8 | - | - | 7 | 14.0 | May mataas na antas ng pag-unawa |
| 5-6 | 10 | 20.0 | - | - | May katamtamang antas ng pag-unawa |
| 3-4 | 26 | 52.0 | - | - | May bahagyang antas ng pag-unawa |
| 0-2 | 14 | 28.0 | - | - | May mababang antas ng pag-unawa |
| **Kabuuan** | **50** | **100** | **50** | **100** | |

**Pananda:** 9-10 (May mataas na mataas na antas ng pag-unawa) 7-8 (May mataas na antas ng pag-unawa) 5-6 (May katamtamang antas ng pag-unawa) 3-4 (May bahagyang antas ng pag-unawa) 0-2 (May mababang antas ng pag-unawa

Mababatid sa talahanayan ang naging iskor ng mga tagasagot sa pauna at panapos na pagsusulit sa panlapi. Batay sa resulta ng paunang pagsusulit, mapupuna na karamihan sa mga tagasagot ay kabilang sa may mababang antas ng pag-unawa sa kasanayan sa panlapi. Ibig sabihin lamang nito na ang mga tagasagot ay wala pang paunang nalalaman sa mga gawain na may kinalaman sa dito. Hindi naipakita ng mga tagasagot ang kakayahan na matukoy ang mga salita na may lapi sa bawat pahayag na nilalaman ng Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet.

Taglay rin ng talahanayan ang resulta ng panapos na pagsusulit sa panlapi matapos gamitin ang Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet. Kapuna-puna na matapos itong gamitin ay halos lahat sa kanila ay nakapagtala ng iskor na 9-10 na may percentage na 86% at may iterpretasyong may mataas na mataas na antas ng pag-unawa. Nangangahulugan ito na lubhang naging kapakipakinabang sa mga tagasagot ang Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet dahil napagbuti nito ang kanilang kasanayan sa panlapi. Tunay na ang pagbibigay ng maraming halimbawa bago isagawa ang mga gawain sa Activity Sheet ay malaki ang naitulong sa mga tagasagot.

**Talahanayan 8**

*Panimula at Panapos na Kasanayan sa Salitang-Ugat*

| Iskor | Pauna f | Pauna % | Panapos f | Panapos % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| 9-10 | - | - | 42 | 84.0 | May mataas na mataas na antas ng pag-unawa |
| 7-8 | - | - | 8 | 16.0 | May mataas na antas ng pag-unawa |
| 5-6 | 6 | 12.0 | - | - | May katamtamang antas ng pag-unawa |
| 3-4 | 30 | 60.0 | - | - | May bahagyang antas ng pag-unawa |
| 0-2 | 14 | 28.0 | - | - | May mababang antas ng pag-unawa |
| **Kabuuan** | **50** | **100** | **50** | **100** | |

**Pananda:** 9-10 (May mataas na mataas na antas ng pag-unawa) 7-8 (May mataas na antas ng pag-unawa) 5-6 (May katamtamang antas ng pag-unawa) 3-4 (May bahagyang antas ng pag-unawa) 0-2 (May mababang antas ng pag-unawa)

Makikita sa talahanayan ang resulta ng pauna at panapos na pagsusulit sa salitang-ugat. Mapupuna sa paunang pagsusulit na karamihan sa mga tagasagot ay nakapagtala ng iskor na may interpretasyong may bahagyang antas ng pag-unawa, sila ang mga nakakuha ng 3 at 4 na tamang sagot. Nangangahulugan ito na may mangilan-ngilan sa mga tagasagot ang may bahagyang kaalaman hinggil sa salitang ugat. Marahil, isang dahilan nito ay may mga kabilang sa tagasagot na may mga karangalang pang-akademiko o honor student noong sila ay nasa elementarya o maaaring isa pang dahilan ay sadyang tumatak lang sa kanilang isipan ang aralin patungkol sa salitang ugat sapagkat madaling aralin naman ito kung tutuusin.

Samantala, kung panapos na pagsusulit naman ang pag-uusapan makikita na halos lahat sa mga tagasagot ay nakakuha ng mataas na iskor na may interpretasyong may mataas na mataas na antas ng pag-unawa. Ipinakikita lamang ng mga numerong ito na nagkaroon ng kabuluhan ang Activity Sheet sapagkat matapos itong gamitin nakatulong itong maunawaan ng mga tagasagot ang salitang ugat. Isa itong indikasyon na sa pamamagitan ng mga gawain, mga halimbawa at dedikasyon ng mananaliksik na ipaintindi sa kanyang mga tagasagot ang silbi ng Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet na ito ay tiyak na magiging kapakipakinabang ang gawain sa salitang ugat at makatutulong sa kasanyan ng mga tagasagot sa talasalitaan.

**Talahanayan 9**

*Panimula at Panapos na Kasanayan sa Ponema*

| Iskor | Pauna f | Pauna % | Panapos f | Panapos % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| 9-10 | - | - | 45 | 90.0 | May mataas na mataas na antas ng pag-unawa |
| 7-8 | - | - | 5 | 10.0 | May mataas na antas ng pag-unawa |
| 5-6 | - | - | - | - | May katamtamang antas ng pag-unawa |
| 3-4 | 20 | 40.0 | - | - | May bahagyang antas ng pag-unawa |
| 0-2 | 30 | 60.0 | - | - | May mababang antas ng pag-unawa |
| **Kabuuan** | **50** | **100** | **50** | **100** | |

**Pananda:** 9-10 (May mataas na mataas na antas ng pag-unawa) 7-8 (May mataas na antas ng pag-unawa) 5-6 (May katamtamang antas ng pag-unawa) 3-4 (May bahagyang antas ng pag-unawa) 0-2 (May mababang antas ng pag-unawa)

Ipinakikita sa paunang pagsusulit na ang mga tagasagot ay may mababang antas ng pag-unawa sa mga gawain sa ponema na nakapaloob sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet. Nangangahulugan lamang ito na walang kahit anong ideya ang mga tagasagot sa aralin patungkol sa ponema. Ang isang nakikitang dahilan kung bakit walang muwang ang mga tagasagot sa ponema ay dahil ang mga tagasagot ay mula sa Ikapitong Baitang at sila ang mga mag-aaral na sumailalim ng dalawang taon sa Modular Distance Learning noong sila ay nasa elementarya pa lamang. Dahil sila ay nasa kanilang mga tahanan ng panahong iyon ang mga aralin na patungkol dito ay hindi naipakilala ng lubos sa kanila sapagkat wala silang kaharap na guro na maaaring makapagbigay sa kanila ng konkretong paliwanag at iba't ibang kasanayan na maaaring makapagpaunlad ng kanilang pang-unawa hinggil sa aralin na may kinalaman sa ponema.

Samantala, Lubhang malaki ang naitulong ng Activity Sheet na mapataas ang antas ng pag-unawa ng mga tagasagot sa ponema matapos itong gamitin. Sapagkat, halos lahat sa mga tagasagot ay nagkaroon ng mataas na mataas na antas ng pag-unawa. Indikasyon ito na sa tulong ng mga gawain sa Activity Sheet tulad ng pagtukoy sa ponema na ginamit at sa pag-alam sa kaibahan ng isang salita sa iba pang salita sa tulong ng ponema ay mas nasanay ang mga tagasagot sa pagkilala sa rito kaya naman ito ay nakapagpayaman ng kanilang talasalitaan.

**Talahanayan 10**

*Panimula at Panapos na Kasanayan sa Idyomatikong Pahayag*

| Iskor | Pauna | | Panapos | | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % | |
| 9-10 | - | - | 42 | 84.0 | May mataas na mataas na antas ng pag-unawa |
| 7-8 | - | - | 8 | 16.0 | May mataas na antas ng pag-unawa |
| 5-6 | 9 | 18.0 | - | - | May katamtamang antas ng pag-unawa |
| 3-4 | 21 | 42.0 | - | - | May bahagyang antas ng pag-unawa |
| 0-2 | 20 | 40.0 | - | - | May mababang antas ng pag-unawa |
| **Kabuuan** | **50** | **100** | **50** | **100** | |

**Pananda**: 9-10 (May mataas na mataas na antas ng pag-unawa) 7-8 (May mataas na Antas ng pag- unawa) 5-6 (May katamtamang antas ng pag-unawa)3-4 (May bahagyang antas ng pag-unawa) 0-2 (May mababang antas ng pag-unawa)

Mahihinuha sa resulta ng talahanayan 10 na mula sa kabuuang limampung (50) tagasagot ay walang nakakuha ng mataas na iskor sa paunang pagsusulit na may interpretasyong mataas na mataas na antas ng pag-unawa. Nagpapakita lamang ito na ang mga tagasagot ay walang pagkaunawa o hindi pamilyar sa idyomatikong pahayag bago ang pagsusulit. Isa itong indikasyon na hirap silang intindihin ang ganitong klaseng pahayag, sapagkat ito ay salitang may kalaliman at hindi agad-agad mauunawaan ang kahulugan kung hindi pag-iisipang mabuti.

Ngunit, kapuna-puna na matapos gamitin ang Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema ay wala na sa mga tagasagot ang nakapagtala ng mababang iskor sa pagsusulit, walang napabilang sa may mababang antas ng pag-unawa. Ibig sabihin, lubos na nakatulong ang pagbibigay ng mga halimbawa at iba't ibang gawain sa idyomatikong pahayag upang mapalago ang nalalaman ng mga tagasagot at napagbuti nito ang kasanayan talasalitaan.

**Talahanayan 11**

*Panimula at Panapos na Kasanayan sa Denotasyon*

| Iskor | Pauna | | Panapos | | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % | |
| 9-10 | - | - | 37 | 74.0 | May mataas na mataas na antas ng pag-unawa |
| 7-8 | - | - | 11 | 22.0 | May mataas na antas ng pag-unawa |
| 5-6 | - | - | 2 | 4.0 | May katamtamang antas ng pag-unawa |
| 3-4 | 28 | 56.0 | - | - | May bahagyang antas ng pag-unawa |
| 0-2 | 22 | 44.0 | - | - | May mababang antas ng pag-unawa |
| **Kabuuan** | **50** | **100** | **50** | **100** | |

**Pananda**: 9-10 (May mataas na mataas na antas ng pag-unawa) 7-8 (May mataas na antas ng pag-unawa) 5-6 (May katamtamang antas ng pag-unawa) 3-4 (May bahagyang antas ng pag-unawa) 0-2 (May mababang antas ng pag-unawa)

Makikita sa resulta ng paunang pagsusulit sa denotasyong pagpapakahulugan ng salita na ang mga tagasagot ay nakapagtala ng mababang antas ng pag-unawa sa mga gawain na may kinalaman sa denotasyong pagpapakahulugan. Subalit, kung ang pag-uusapan ay ang panapos na pagsusulit pinakamarami sa mga tagasagot ang napabilang sa may mataas na mataas na antas ng pag-unawa. Mababatid na lubos na nakatulong sa mga

tagasagot ang gawain sa Activity Sheet upang mapagbuti ang kanilang talasalitaan patungkol sa denotasyon. Nakamit ng mga tagasagot ang layon na lubos na maunawaan ang kahulugan ng mga salita upang makatulong sa kanilang pang araw-araw na pakikipagtalastasan.

**Talahanayan 12**

*Panimula at Panapos na Kasanayan sa Konotasyon*

| Iskor | Pauna | | Panapos | | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % | |
| 9-10 | - | - | 41 | 82.0 | May mataas na mataas na antas ng pag-unawa |
| 7-8 | - | - | 9 | 18.0 | May mataas na antas ng pag-unawa |
| 5-6 | - | - | - | - | May katamtamang antas ng pag-unawa |
| 3-4 | 17 | 34.0 | - | - | May bahagyang antas ng pag-unawa |
| 0-2 | 33 | 66.0 | - | - | May mababang antas ng pag-unawa |
| **Kabuuan** | **50** | **100** | **50** | **100** | |

**Pananda:** 9-10 (May mataas na mataas na antas ng pag-unawa) 7-8 (May mataas na antas ng pag-unawa) 5-6 (May katamtamang antas ng pag-unawa) 3-4 (May bahagyang antas ng pag-unawa) 0-2 (May mababang antas ng pag-unawa)

Ipinakikita sa talahanayan ang naging iskor ng mga tagasagot sa paunang kasanayan sa talasalitaan. Batay rito, bago gamitin ang Activity Sheet walang tagasagot ang nakapagtala ng mataas na iskor. Karamihan sa kanila ay napabilang sa may mababang antas ng pag-unawa

Subalit matapos gamitin ang Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet wala nang tagasagot ang nakapagtala ng may mababang antas ng pag-unawa. Halos lahat sila ay nakapagtala ng iskor na may interpretasyong may mataas na mataas na antas ng pag-unawa. Nangangahulugan lamang ito na nakamit ang layunin na matukoy nila nag kahulugan ng isang salita batay sa konotasyong pagpapakahulugan.

**Talahanayan 13.**

*Kasanayan sa Talasalitaan*

| Pagpapayaman ng Talasalitaan | Pauna | | Panapos | | t | df | Sig. (2-tailed) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | *SD* | Mean | *SD* | | | |
| Idyomatikong Pahayag | 2.84 | 1.60 | 9.46 | 0.81 | 34.974 | 49 | .000 |
| Denotasyon | 2.40 | 1.21 | 9.20 | 1.16 | 71.760 | 49 | .000 |
| Konotasyon | 1.80 | 1.12 | 9.38 | 0.83 | 52.965 | 49 | .000 |
| Panlapi | 3.22 | 1.52 | 9.56 | 0.73 | 39.468 | 49 | .000 |
| Salitang Ugat | 3.14 | 1.29 | 9.48 | 0.81 | 42.230 | 49 | .000 |
| Ponema | 2.12 | 1.02 | 9.46 | 0.73 | 44.987 | 49 | .000 |

Makikita sa resulta ng talahanayan na may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kasanayan sa talasalitaan ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema. Nangangahulugan lamang ito na naging kapakipakinabang sa mga tagasagot ang mga gawain na nakapaloob dito.

Sa kabuuan ang bawat indikeytor ay nakakuha ng .000 lebel ng signipikant, na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba ang iskor ng mga tagasagot sa kasanayan sa talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet ng Morpema. Ibig sabihin, napaghusay nito ang kasanayan ng mga tagasagot sa pagpapakahulugan sa mga salita.

## 4. Konklusyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral nabuo ang sumusunod na konklusyon.

- Lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa paggamit ng Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet upang mapagyaman ang kanilang kaalaman sa talasalitaan.
- Nasa mataas na na mataas na lebel ng pag-unawa ang mga mag-aaral batay sa Idyomatikong pahayag,

Denotasyon, Konotasyon, Panlapi, Salitang-ugat at Ponema. Samakatuwid nagkaroon ang mga mag-aaral ng sapat na kaalaman sa mga nabanggit.

- May sapat na istatistikal na batayan upang hindi suportahan ang hinuha na walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kasanayan sa talasalitaan ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet n Morpema.

*4.1 Rekomendasyon*

Batay sa mga kinalabasan ng pag-aaral at konklusyon, nais imungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod:

- Ang mga guro ay hinihimok na gumamit ng kagamitan na tulad ng kontekstwalisadong Learning Activity Sheet dahil ang mga aralin at gawain sa aklat ay hindi sapat upang mahasa nang husto ang galing ng mga mag-aaral sa pagpapayaman ng talasalitaan.

- Magkaroon ng palagiang paggamit at pagbibigay ng iba't ibang talasalitaan na makukuha sa mga teksto o akdang pampanitikan upang lumawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga salita. Gayundin, magdagdag pa ng mga interaktibong gawain sa panlapi, salitang ugat, ponema, idyomatikong pahayag, denotasyon at konotasyon upang lalong maging pamilyar ang mga mag-aaral sa mga kasanayang nabanggit.

- Gamitin at linangin pa ang mga gawain sa Kontekstwalisadong Learning Activity Sheet na ito upang mas mapagyaman pa ang talasalitaan ng mga mag-aaral.

## 5. Reperensya


Acharya. (2013). why and how of it. indian journal of medical specialties. *Why And how of It. Indian Journal of Medical Specialties*.

Almario, V. (2013). Idyomatikong Pahayag at Sanaysay. *Idyomatikong Pahayag at Sanaysay*.

Baguio, R. M. (n.d.). Idyomatikong pahayag: Isang pamamaraan ng pagtuturo. sinop-ang. *Idyomatikong Pahayag: Isang Pamamaraan Ng Pagtuturo. Sinop-ang*.

Bautista, L. (n.d.). *paghubog sa pagpapakatao at pakikipagkapwa-tao*.

Bhardwaj, P. (2019). journal of the practice of cardiovascular sciences. *Journal of the Practice of Cardiovascular Sciences*.

Calma, P. M. (2017). kahalagahan ng pag-aaral ng wika. *Kahalagahan Ng Pag-aaral Ng Wika*.

Calma, P. M. (2018). pagtuturo ng filipino:mga diskarte at stratehiya. *Pagtuturo Ng Filipino:Mga Diskarte at Stratehiya*.

Capili, F. R. (2015). pagtuturo ng wikang filipino:isang pagpapakahulugan. karunungan 2015. *Pagtuturo Ng Wikang Filipino:Isang Pagpapakahulugan. Karunungan 2015*.

Constantino, E. P. (2012). salitang balbal, salitang kanto, salitang kalye. sentro ng wikang filipino. *Salitang Balbal, Salitang Kanto, Salitang Kalye. Sentro Ng Wikang Filipino*.

Cruz, I. P. (2017). *pag-aaral ng wika at panitihan teorya at metodolohiya*.

Cruz, J. (2018). *aktibong paglahok ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng mga affix*.

Cruz, M. (2018). ang kahalagahan ng pagtuturo ng morpolohiya. *Ang Kahalagahan Ng Pagtuturo Ng Morpolohiya*.

Culla, A. (2022). *activity-enriched workbuk at kasanayan sa pagpapalawak ng talasalitaan*.

De Guzman, A. (2015). pagtuturo ng idyoma bilang bahagi ng pagsasalita ng filipino. *Pagtuturo Ng Idyoma Bilang Bahagi Ng Pagsasalita Ng Filipino*.

Dela Cruz, M. (2018). effects of word root recognition and word formation exercises on vocabulary. *Effects of Word Root Recognition and Word Formation Exercises on Vocabulary*.

Erasga, D. (2015). Pakiramdaman: Isang Maka-Pilipinong Lapit sa Pagdadalumat sa Sosyolohiya. *Pakiramdaman:*

*Isang Maka-Pilipinong Lapit Sa Pagdadalumat Sa Sosyolohiya*.

Estrellado, I. R. (2016). *Kahalagahan ng Wikang Filipino sa mga Mag-aaral ng Senior High*.

Fromkin, V. (2017). An introduction to language. Cengage Learning. *An Introduction to Language. Cengage Learning*.

Garcia, J., & Villanueva, M. (2018). Mga Hamon sa Pagtuturo ng mga Idyoma sa Filipino sa Junior High School Students. *Journal ng Pagtuturo at Pananaliksik ng Wika,* 9(6), 1136-1144.).

Garcia, R. (2017). Effects of Integrative Teaching of Root Words on Students' Knowledge and Skills in Vocabulary. *Journal of Language and Linguistics Studies,* 13(1), 150-166

Gonzales, A. M. (2015). *Mga halimbawa ng idyomatikong pahayag. Filipino Philology, 3(1), 23-40.*

Guzman, M. B. (2016). *Ang Wika at Kalikasan ng Idyoma. UP Diksiyonaryong Filipino, 220-231.*

Lobel, J. W., & Schachter, P. (2014). *A Handbook of Philippine Language Groups. Linguistic Society of the Philippines.*

Loftus, & Coyne. (2013). Vocabulary Instruction Within a Multi-Tier Approach Reading & Writing: *Overcoming Learning Difficulties,* 29(1), 4-19.

Mandado, J. (2020). Ang Penomenong Awiting Visayan Popular o (VisPop) sa Kabatang Sebwano at ilang usaping wika at kultura . *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR),* 188-195.

Manguerra, A. C. (2014). *Pag-aaral ng Wikang Filipino at Panitikan: Kahalagahan at Mga Benepisyo. Sa Lumang Simbahan*, 12(1), 1-15.

Mojares, R. B. (2017). *Pagtuturo ng Wika at Panitikan: Teorya at Praktis.* Rex Bookstore, Inc.

Nadera, J. P. (2016). *Pagtuturo ng Panitikan: Teorya at Praktis*. National Book Store.

Nuncio, Pontemayor, Monforte, & Lumigis. (2022). *Pagsipat sa Leksikal na Baryasyon ng mga Terminong Filipino, Bikol, at Cebuano sa Kontekstong Panginabuhian/Pangkabuhayan. MALAY, 23-40.*

Omair, A. (2014). Sample size estimation and sampling techniques for selecting a representative sample. *Journal of Health specialties*, 2(4), 142. DOI: 10.4103/1658-600X.142783

Oreiro, A. (2016). *A study of Affxes and Morphophonemic Changes in Itawit Noun and Adjectives*. Manila Philippines: Philippine Normal University.

Padilla, N. (2014). Kahalagahan ng Pag-aaral ng Panitikan. Balangkas: *Journal of Liberal Arts*, 5(1), 61-72.

Pasion, R. M. (2014). Morpolohikal na Varyasyon sa wikang Mandaya ng Davao Oriental. *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences* , 129-135.

Pasion, R. M. (2015). Yang Pagbul'lók-bul'lok: Varyasyon ng Wikang Mandaya sa Ilang Munisipalidad ng Davao Oriental. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 36-48.

Rahi, S. (2017). Research design and methods: A systematic review of research paradigms, sampling issues and instruments development. *International Journal of Economics.*

Reyes, A. (2018). Mga Epekto ng Mga Pagsasanay sa Affixation sa Kaalaman at Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Junior High School sa Inflectional at Derivational Morphology. *Philippine ESL Journal*, 14(1), 95-114.)

Reyes, J. (2019). Contextualized Instruction in Teaching Root Words to Junior High School Students. *Journal ng Applied Linguistics at Pananaliksik sa Wika*, 6(1), 56-67.)

Reyes, M. L. (2020). Bisa ng Multimedia-Based Idiom Instruction sa mga Junior High School Students. *International Journal of Research Studies in Education*, 9(3), 85-96.

Sanchez, L. (2020). Effects of Phoneme Instruction on Junior High School Students' Phonological Knowledge and Pronunciation Skills. *International Journal of Linguistics, Literature and Culture*, 6(1), 56-68.)

Santos, M. (2020). Contextualizing Affixation Activities in Teaching Affixes to Junior High School Students. *Journal of Language and Linguistics*, 20(1), 145-160

Santos, M., & Aguirre, R. (2019). Enhancing Idiom Competence among Junior High School Students: An Analysis of Teaching Activities. *Journal of Applied Linguistics and Language Research*, 6(3), 31-44.)

Stanovich, K. E. (1986). *Matthew Effects in Reading: Some Consequences of Individual Differences in the Acquisition of Literacy*.

Sumulong, A. (2021). Strategies for Teaching Idioms to Junior High School Students. *Journal of Language and*

*Linguistic Studies*, 17(2), 55-72.

Tiongson, N. (2013). Talasalitaan: Talasalitaan at mga tuntunin ng wika. Sentro ng Wikang Filipino, *Unibersidad ng Pilipinas Diliman*. UP Diksiyonaryong Filipino, Sentro ng Wikang Filipino, 2010.

Valdez, Emilita G. (2016). Pagpapalawak ng Talasalitaan sa Pamamagitan ng Association or Word Network sa mga Mag-aaral ng Grade 9-Sampaguita, SY-2025-2016 ng Dili National High School.

Villanueva, V. M. (2016). Preliminaryong Pagsusuri sa Varayti ng Tagalog-Mindoro sa Komunidad Panwikang Bongabong. *HASAAN Journal* , 127-150.

Wolters, A. (1933). Remembering: A Study in Experimental and Social Psychology. By F. C. Bartlett. (Cambridge University Press. 1932. Pp. x + 317. Price 16s. net.). *Philosophy*, *8*(31), 374–376. https://doi.org/10.1017/s0031819100033143